

## Notes on Contributors/Tala ukol sa mga Kontribyutors

Si *Manuel "Nonoy" Ortega Abis* ay naging fellow para sa Poetry in English, 1992 UP National Writers Workshop (UNWW). Kasapi, 2014, Batch BigKis, Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo (LIRA). Nailathala ang mga tula at maikling kuwento sa Filipino at sa Ingles sa ilang mga publikasyon tulad ng Liwayway at Philippines Graphic, at sa ilang mga antolohiya ng tula tulad ng Caracoa, Likhaan, Bloodlust, LIRA 30, at iba pa. Sa edad na 58 ay nanatiling binata at naninirahan sa Cubao, Lungsod Quezon. Bukod sa pagiging isang freelance creative writer, si Nonoy ay isa ring freelance web developer at isang call center agent. Siya ay naniniwala sa soberanya ng haraya, o imahinasyon. Para sa kaniya, ang daigdig ay likha sa musika at sa laro. Para sa kaniya, ang lahat ng buhay at bagay sa daigdig ay may taglay na likas na himig. Ang likas na himig na ito ang nagsisilbing dugong buhay sa kaniyang sariling matulaing pananaw sa kaniyang mga sariling danas at ugnayan, at sa mga danas at ugnayan ng kaniyang kapwa.

*Mark Angeles* was a writer-in-residence of the International Writing Program at the University of Iowa in the United States in 2013. He is a full-time instructor at the Department of Filipino in the College of Education, University of Santo Tomas (UST). He finished MA Filipino: Malikhain Pagsulat in University of the Philippines, Diliman, where he is currently taking PhD sa Linggwistika. His literary works received accolades from Komisyon sa Wikang Filipino, Don Carlos Palanca Memorial Foundation for Literature, and Philippine Board on Books for Young People. He is a Resident Fellow of UST Center for Creative Writing and Literary Studies.

Si *Paterno "PAT" Baloloy, Jr.* ay naging fellow ng The 12 th Kritika La Salle National Workshop on Art and Cultural Criticism 2024 at fellow sa tula ng 61 st UPNWW 2022. Itinanghal siyang Makata ng Taon 2022 ng Talaang Ginto ng Komisyon sa Wikang Filipino. Nakamit niya ang Unang Gantimpala para sa Carlos Palanca Memorial Awards for Literature noong 2018 at Ikatlong Gantimpala naman noong 2017. Nanalo ng Unang Gantimpala para sa koleksyon ng mga tulang pambata, ang Halik ng Itik at Iba Pang Tulang

Pambata sa kauna-unahang Gender Awards na itinanghal ng Philippine Normal University-University Center for Gender and Development. Awtor ng mga librong Agam-agam ng Langgam mga tulang pambata at Volto Santo, Philippine Writers Series 2024 Likhaan: UP Institute of Creative Writing. Napasama ang kaniyang maikling pananaliksik na “Ang “Silip o Pasilip” ng Distrito Supot: Isang Maikling Pananaliksik sa Naka-ugaliang Pagdakila sa mga Bata at Nawaglit na Distrito sa Bayan ng Calauag,” sa Reading the Regions 2: A National Arts Month Celebration 2021 ng NCCA National Committee for Literary Arts (NCLA). Naging writing fellow ng 18 th IYAS National Writers’ Workshop ng De La Salle University, Manila noong 2018 at 11 th Paliang Rogelio Sicat sa parehong taon. Naging writing fellow ng 14 th Ateneo National Writers’ Workshop ng Ateneo de Manila University noong 2016. Nagtapos ng kursong Master of Fine Arts (MFA) in Creative Writing sa De La Salle University, Manila noong 2020. Sa kasalukuyan, kumuha siya ng PhD in Indigenous Studies Program sa University of the Philippines, Baguio.

*Andrew Bonifacio Clete* is a teacher and a playwright based in Jakarta. He holds a degree of Master of Fine Arts in Creative Writing from the De La Salle University-Manila. His thesis focused on audiences and their dynamic involvement in storytelling. He is interested in the nature of immersion, engaging the audience to participate in the process of theater-making. He continues his artistic exploration on the possibilities of creating narratives through space and interaction. He attended various national writers’ workshops in the country through his plays as social commentaries observing the themes of truth, abuse, and empowerment. His play Punks Not Dead was revisited in Virgin LabFest which also won 1st prize in the 70th Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature. His works were published in Ani: Literary Journal of the Cultural Center of the Philippines, Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature, and Katitikan: Literary Journal of the Philippine South. He is also a member of The Writer’s Bloc.

Nagkamit si *Gerard P. Concepcion* ng mga digring Bachelor of Secondary Education, MA Philippine Studies, at PhD Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nagturo bilang Visiting Professor sa Busan University of Foreign Studies sa South Korea ng mga subject sa kultura at wikang Filipino. Kasalukuyang nagsisilbi bilang Associate Professor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, UP Diliman.

Si *Dakila Cutab* ay isang Balagtasero, construction worker, at part-time tindero sa munting eco-store na matatagpuan sa Maginhawa Street. Taong 2017 nang inilunsad ang kaniyang unang koleksyon ng tula na “Puro Forma at Konting Landi.” Pagkaraan ng isang dekada, tuluyan na niyang ineretiro ang tulang “Thank You, Salamat” sa pamamagitan ng illustrated poetry book kasama si Ei Villegas noong 2022. Siya ay nakapagtapos ng mga kursong sikolohiya at pamamahala ng konstruksiyon. Si Dakila ay ikinasal na sa kanyang ex-jowa bago mag-global lockdown noong 2020.

*Jairus Diesta Espiritu* is currently an Assistant Professor at the Department of Liberal Arts of Mapúa University in Intramuros, Manila. He holds a bachelor’s and a master’s degree in Philosophy from the University of the Philippines-Diliman. Jairus is one of the three recipients of the 2023 Don Isabelo delos Reyes Essay Prize in Filipino Philosophy of the Philosophical Association of the Philippines. In 2022, while teaching, he concurrently worked as technical staff to the Mayor of San Mateo, Rizal, Philippines as speech writer and technical reviewer. In 2019 and 2021, together with a team of trainers from UP Diliman, Jairus trained teachers from the Department of Education Public Schools Division of Nueva Ecija; in 2021, he served as content editor of a senior high school textbook on philosophy. Since 2019, he has published articles on Filipino Philosophy, Analytic Existentialism, Philosophy of Religion, and Philosophy of Education.

Si *Andyleen C. Feje*, mas kilala bilang Andy, ay tubong Quezon, Nueva Ecija. Siya isang lesbianang manunulat at anak ng magsasaka. Siya ay kasalukuyang bahagi ng Atsara Collective, Kataga - Quezon City, at Bahaghari-Metro Manila. Ilan sa kaniyang mga akda ay mababasa sa Young Blood column ng Philippine Daily Inquirer, Manila Today, Liwayway Magazine, Luntian: Online Journal para sa Malikhaing Akda (2023), Talinghaga ng Lupa: Mga Tula (Gantala Press, 2019), Agos: UP Refereed Journal ng Malikhaing Panitikan (2020), Ubod Anthology (National Commission for Culture and the Arts, 2020), Lagda: Journal ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (2021), Tingle: Anthology of Pinay Lesbian Writing (Anvil Publishing, 2021), Plus/+, Iba Plus, Maramihan: New Philippine Fiction on Sexual Orientations and Gender Identities (Ateneo Press, 2022), at ARUGA: Mga Sanaysay ng Pagtanggap at Paglingap (UST Publishing House, 2022).

*Dominique Angela M. Juntado* is an Associate Professorial Lecturer at De La Salle University Manila and a Member of KATATAGAN, INC. She has two degrees in Political Science from the University of Santo Tomas, and a Doctorate degree in Social & Cultural Anthropology from the University of the Philippines Diliman. Dr. Juntado's research interests range from Cultural Studies and Political Thought; her research passion is Educational Entertainment. When she isn't busy facilitating classes or doing research, she is seen enjoying the local cultural scenes and events.

Manggagawang pangkultura si *rr kagalíngan*. Nailathala na ang kaniyang mga tula at salin sa Likhaan ng UP, Ani ng CCP, Montage ng UST, Santelmo, Luna, Ateneo de Naga University Press, at iba pa. Noong 2022, na-shortlist siya sa Ateneo Art Awards-Purita Kalaw-Ledesma Prizes in Art Criticism at nasungkit ang unang gantimpala sa Premyong LIRA, isang pambansang timpalak sa tula. Kumukuha siya ng MA in Cultural Heritage Studies sa Unibersidad ng Santo Tomas. Lumabas noong 2023 ang kaniyang unang aklat ng tula, ang Ang Wala Rito. Nakatira siya sa Lungsod Valenzuela kasama si Tina at ang lima nilang pusa.

*Ivan Emil A. Labayne* teaches in the Department of Humanities, UP Los Baños while pursuing a PhD in Philippine Studies at UP Diliman. He has an MA in Language and Literature from UP Baguio. As part of the art collective Pedantic Pedestrians, Ivan helped organize the small press expo Better Living Through Xeroxography (BLTX) Baguio, a Book Launch without a Book, Kalsada sa Rengga, among other art happenings. His creative and critical works saw print in *Kritika Kultura*, *Asian Cha*, *The Cordillera Review*, *Daluyan*, *Katipunan*, *Jacket2*, *Katitikan*, *Entrada*, among others.

Si *Diane Manzano* ay nagtuturo bilang Katuwang na Propesor sa Departamento ng Humanidades, Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Nagtuturo siya ng Wika 1 (Wika, Kultura at Lipunan) sa nasabing unibersidad at nakatapos ng gradwadong kursong Master of Arts in Linguistics sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Ilan sa mga research na naging parte siya at natapos niya ay Taga-alog 2018 Project at Project Marayum.

*Nicolo M. Masakayan* is currently an Associate Professor of Philosophy at the Department of Humanities, College of Arts and Sciences, University of

the Philippines- Los Baños. He has a PhD in Philosophy from the University of the Philippines Diliman. Some of his publications focus on philosophy applied to popular culture.

Si *Francisco Arias Monteseña* ay dating guro sa kolehiyo. Mula sa Majayjay Laguna at naninirahan sa Angono Rizal. May masterado sa Management at undergraduate course sa Accounting. Premyado at nakapaglimbag ng mga aklat – Pagluluno, Sa Ilalim ng Puting Ilaw #inayserye, Kalmado, Ang Lahat ng mga Nilikha at Pisil sa Puso. Bahagi rin ang kaniyang mga akda ng mga antolohoya at dyornal tulad ng CCP Ani at Likhaan Journal. Naging fellow sa mga Pambansang Palihan sa Pagsusulat kabilang ang 8th USTNWW, 8th ANWW, Francesca Beard Performance Poetry Workshop ng British Council, Ika-5 Palihang Rogelio Sicat, 55th UPNWW, ika-4 na Saling Panitik at Palihang Rene O. Villanueva 2 para sa mga Akdang Pambata. Kasapi ng LIRA at Tres-Siete Poetry Society.

*Charlson Ong* has published four collections of short fiction Men of the East and other stories, Woman of Amkaw and other stories, Conversion and other fictions, and Of that Other Country we now speak as well as four novels An Embarrassment of Riches, Banyaga: A Song of War, Blue Angel/White Shadow and White Lady Black Christ. He has won the National Book Award for both short fiction and the novel. He has also won a Filipino Academy of Motion Picture Arts (FAMAS) Award for Best Adapted Screenplay for TANABATA'S WIFE which he wrote co-produced and co-directed. He is Senior Lecturer at the Department of English and Comparative Literature and Associate at the UP Institute of Creative Writing.

Nagtuturo si *Will P. Ortiz* sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, UP Diliman sa larangan ng Malikhaing Pagsulat. Nagkamit na siya ng mga parangal mula sa Palanca Memorial Awards at ang kanyang aklat na Bugtong ng Buwan at Iba pang Kuwento (UP Press, 2011) ay nagawaran ng Madrigal-Gonzalez First Book Award, mga maiikling kuwento ukol sa batang manggagawa. Nakatutok sa tinatawag niyang “kagila-gilalas na realismong bayan” ang kanyang mga panulat tulad ng Ang Pagbabalik ni Maria Makiling Unang Aklat (UP Press 2015), Si Maria Makiling at ang Alamat ng Animas Anya (UP Press, 2018), Ikalawang Aklat, Ang Lihim ng Lagusang Dalem (UP Press, 2024). Inaasahang lumabas ngayong 2025 ang huli at ikaapat na aklat

ng seryeng Maria Makiling—Si Maria Makiling sa Sinapupunan ng Hukluban. Nalathala na rin ang kanyang mga artikulo ukol sa panitikang pambata rito at sa labas ng bansa. Nakatuon ang kanyang mga panulat at pananaliksik sa usapin ng bata, babae, bayan at ang kagila-gilalas.

*Danielle Marie A. Parreño*, or Denden, is a lecturer at the Department of Psychology, University of the Philippines Diliman, and a Psychosocial Support Specialist from UP Diliman Psychosocial Services (UPD PsycServ). She is also finishing her Master of Arts in Psychology (Clinical Psychology) at UP Diliman as well, where she is studying the impact of pets on one's mental health and well-being. Given this interest, Denden is now a research consultant at Communitails, Inc., a community of human-animal bond advocates who believe that healing can occur mutually between people and animals. Outside her many hats as a teacher, researcher, practitioner, and advocate, Denden strives to create as many illustrations as time permits and plays with her dogs, Luna and Kadi.

Si *April J. Perez* ay nagtapos siya ng mga kursong Batsilyer (cum laude) at Masterado sa Linguistics sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nagtatapos siya ng Ph.D. Filipino: Istruktura ng Wikang Filipino sa parehong institusyon. Siya ay Katuwang na Propesor at kasalukuyang Tagapag-ugnay ng Di-Gradwadong Programa sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura sa UP Diliman. Tagapamahalang Opisyal din siya ng Serbisyong Pampagkain ng UP Diliman at gurong-tagapayo ng UP Lakan, ang samahan ng mga Bulakenyong mag-aaral sa UPD. Interesado siya sa mga pananaliksik na may kinalaman sa wika, corpus linguistics, leksikograpiya, sociolinguistics, at pagtuturo ng Filipino sa mga di-taal na mananalita.

*Juan Miguel Leandro Quizon* is a Ph.D. in Cultural Studies candidate from The Chinese University of Hong Kong, under the Postgraduate Studentship Scheme. He specializes in urban spatial cultures and queer popular culture. He received his MA in Literary and Cultural Studies from the Ateneo de Manila University in 2017. Prior to pursuing his doctorate, he was Assistant Professorial Lecturer at the Department of Literature, College of Liberal Arts, De La Salle University-Manila. He was a Research Fellow in 2015 at the Asia Graduate Student Fellowship under the Asia Research Institute at the National University of Singapore.

Si *Rossite N. Ramilo* ay isang frustrated na manunulat. Naging pandemic plantita rin siya na mahilig sa mga aroid. Nahilig din siyang magbasa at magsulat na nagsimula nang mag-abroad ang kanyang ina noong siya ay bata pa. Nagtapos ng elementarya taong 1992, nakapagtapos ng sekondarya taong 2002, kolehiyo taong 2006, Masters degree taong 2016 at Doctor of Philosophy noong 2020. Nagturo ng labing dalawang taon at humawak ng mga batang manunulat sa pampaaralang pahayagan na siya rin niyang inilalaban tuwing mayroon paligsahan sa campus journalism. Ngayon ay naglilingkod na siya bilang Head Teacher III sa San Gregorio Elementary School sa bayan ng Rizal, Nueva Ecija at isa sa mga script writer ng Sangay ng Nueva Ecija para sa Edukasyon Central Luzon news ng DepEd Region III. Sinusubukan pa rin niyang magsulat ng mga tula at sanaysay kapag may libreng oras o kaya ay hindi abala sa pagiging asawa, ina at ulong guro. Siya ay nagkamit ng Unang Karangalan sa Tula Tayo na itinaguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino noong 2019. Nagkamit din siya ng Ikatlong Karangalan sa Pagsulat ng Tula sa Unang Gawad Lazaro Francisco at ikatlong karangalan ng sumunod na taon sa parehong kategorya.

Si *Cheeno Marlo M. Sayuno* ay Kawaksing Propesor ng Komikasyon, Pananaliksik, at Panitikang Pambata sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) Los Baños. Natapos niya ang BA Mass Communication (cum laude) sa Cavite State University, MA Communication Arts sa UP Los Baños, at PhD Communication sa UP Diliman. Ginawaran siya ng University Artist 1 sa ilalim ng UP Arts Productivity System para sa kaniyang mga nalathalang pananaliksik at malikhaing akda. Nagkamit na rin siya ng karangalan mula sa Carlos Palanca Memorial Awards for Literature (2013 at 2017), the Philippine Board on Books for Young People's Salanga Prize (honorable mention noong 2015), at Normal Awards for Gender-Inclusive Literature by Philippine Normal University (unang karangalan noong 2021) para sa kaniyang mga kuwentong pambata sa Ingles at Filipino. Bukod sa mga riserts, sanaysay, at teksbuk, nakapaglathala na siya ng mga aklat-pambata sa Adarna House, Lampara Books, Anvil Publishing, Chikiting Books, at Save the Children Philippines. Kasalukuyang siyang Kalihim ng Philippine Association for Communication and Media Research, Inc.; Ingat-Yaman ng Supling Sining, Inc.; at aktibong kasapi ng International Research Society for Children's Literature.

*Jose Martin V. Singh* is from Marikina City. He has a bachelor's in creative writing from the University of the Philippines Diliman. He currently focuses on photographic and videographic work. His writing has appeared in publications such as & (Ampersand), TLDTD, and TOMÁS.

Si *Orland Agustin Solis* ay ipinanganak at lumaki sa isang asyenda sa Negros Occidental, si Orland Solis ay nagsusulat ng mga akdang hinabi mula sa matatamis na tubuhan at mapapait na karanasan ng mga magsasakang patuloy na nagbubungkal.

*Larissa Mae Suarez* is a faculty member of the Department of English and Comparative Literature of the College of Arts and Letters, UP Diliman (UPD). She graduated from UPD with degrees in BA Journalism and MA Creative Writing. As a writer of fiction and creative nonfiction, she has attended the Silliman University National Writers Workshop, among others, and her work has been published in several journals, including Tomás and the Makiling Review. She won a Palanca for the short story in English in 2016.

Si *Ivie Urdas* ay kasapi sa Linangan sa Imahen, Retorika at Anyo (LIRA), samahan ng mga makata-boluntaryo. Mababasa ang ilan sa kaniyang mga tula sa Bannawag, mga antolohiyang Lila, Renderzine at Pintanaga.

*Fermin Antonio Del Rosario Yabut* is a learner and a teacher. He is currently a PhD candidate at the Ateneo de Manila University's leadership studies program. Fermin is passionate about sustainability through his consulting and extension works. He has also been an academic manager and leader at the University of Santo Tomas, having occupied several positions, including being the deputy director of the UST Publishing House in the past. Fermin is a member of Beta Gamma Sigma, the international honors society for business. He was awarded the 2022 Young Achiever in Education by the Philippine Institute of Certified Public Accountants. Fermin's works were included in anthologies published by the Cultural Center of the Philippines and the Ateneo University Press.